

Mga Protokol para sa mga Operator ng Shopping Center: Appendix E

Epektibong Petsa: 12:01am sa 5/6/2021

Kamakailang mga Pagbabago (Ang mga pagbabago ay naka-highlight ng dilaw)

5/5/21:

- Ang wika sa paglilinis ay nabago na para ihanay sa patnubay sa paglilinis ng CDC
- Ang wika sa bayad na pagkakasakit ay nabago na para ipakita ang mga pagbabago sa mga batas ng estado sa bayad na bakasyon dahil sa pagkakasakit.

Ang mga rate ng kaso ng COVID-19, mga pagpapaospital, at mga kamatayan ay bumaba na sa ilan at tila matatag na, ngunit patuloy ang COVID-19 sa pagbabadya ng mataas na pansarili sa mga komunidad at inaatasan ang lahat ng mga tao at mga negosyo na gumawa ng mga pag-iingat at baguhin ang mga operasyon at aktibidad para bawasan ang panganib ng pagkalat.

Dahil sa ang Los Angeles County ay pumapasok sa “Dilaw na Tier” (Yellow Tier) ng Plano ng Estado para sa isang balangkas ng Mas Ligtas na Ekonomiya (State’s Blueprint for a Safer Economy framework), ang protokol na ito ay nabago para pawiin ang ilang mga paghihigpit na partikular sa lokal na aktibidad. Ang mga Operator ng Shopping Center (Shopping Center Operator) ay dapat na magpatuloy ng may pag-iingat at sumunod sa mga inaatas sa protokol na ito para bawasan ang potensya ng pagkalat ng COVID-19 sa loob ng kanilang mga operasyon ng negosyo.

Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County ay sumusunod sa gabay ng Estado para tumulong panatilihin ang mga shopping center, mga mall, at mga swap meets at kanilang mga umuupang negosyo ng tingi (retail business) na may mga pagbabago sa yugtong panahon ng pandemyang ito. Ang mga kinakailangan (requirements) na nasa ibaba ay partikular sa panloob (indoor) at panlabas (outdoor) na shopping mall, mga destinasyong shopping center, strip at mga outlet mall, at mga swap meet (sama-samang tinatawag na mga “shopping center”). Dapat siguruhin ng mga operator ng shopping center na ang mga nangungupahan (lessees), kabilang ang mga tingi na umuupa (retail tenants) at nagtitinda (vendors), ay may kaalaman sa mga protokol na nalalapat sa kanilang mga operasyon. Ang mga entidad na ito (“umuupa at nagtitinda” (“tenants and vendors”) ay responsable sa pagpapatupad ng mga protokol, ngunit ang mga operator ng shopping center ay inihikayat na iatas ang pagsunod sa mga protokol ng kanilang mga nangungupahan. Dagdag pa sa mga kondisyong ipinataw ng Gobernador sa partikular na mga negosyo ng tingi, ang mga uri ng negosyo ng ito ay dapat ring sumunod sa mga kondisyon na inilatag sa Listahan (Checklist) para sa mga Operator ng Shopping Center.

Ang pangkalahatan na pinakamaraming pag-okupa (maximum occupancy) sa mga shopping center tulad ng tinukoy sa itaas ay limitado sa 75% pinakamaraming pag-okupa para tiyakin ang pisikal na pagdistansya. Ang mga Panloob na Negosyo na bahagi ng isang panloob (indoor) mall o shopping center ay limitado rin sa 75% pinakamaraming pag-okupa.

Ang lahat ng permanente at nakapirming panlabas (outdoor) na upuan na bukas sa publiko ay dapat na may nakapaskil na karatula sa isang nakikitang lugar/o malapit sa anumang permanenteng upuan na nagpapaalala sa mga tagapagtangkilik (patron) na magsuot ng maskara sa mukha, magsanay ng pisikal na pagdistansya, at sa hindi pagkain o pag-inom habang nasa lugar ng shopping center. Ang lahat ng mga panloob na pangkaraniwang lugar na matatagpuan sa loob ng shopping center o mall ay maaari nang muling magbukas sa kapasidad na pinahihintulutan ang sapat na lugar para sa hindi bababa sa anim (6) na talampakan ng pagdistansya sa pagitan ng mga hindi miyembro ng sambayanan. Ang lahat ng panlabas na tansamantala o naigagalaw na mga mesa at upuan, na hindi matatagpuan sa isang itinalagang lugar ng panloob o panlabas na kainan, na matatagpuan sa lugar ng shopping center ay maaari nang muling magbukas na ang mga mesa ay inagwatan ng hindi bababa sa 6 na talampakan ang layo sa isa’t isa, sinukat mula sa likuran ng upuan ng isang mesa hanggang sa likuran ng upuan ng katabing mesa habang nakaupo ang mga kostumer, at maaaring iupo ang hindi hihigit sa apat na tao sa isang mesa. Dapat na paalalahanan ang publiko/mga bisita na kapag hindi nakaupo sa isang itinalagang lugar ng kainan, walang kainan o pag-inom ang pinapayagan sa lugar ng shopping center. Ang publiko/mga bisita ay maaari lamang kumain o uminom sa itinalagang mga lugar ng panloob at panlabas na kainan na sumusunod sa Protokol para sa mga Restawran Appendix I. Dapat

na agwatan ang mga mesa na nasa itinalagang lugar ng kainan sa hindi bababa sa anim (6) na talampakan ang layo sa isa't isa, sinukat mula sa likuran ng upuan ng isang mesa hanggang sa likuran ng upuan ng katabing mesa habang nakaupo ang mga kostumer.

Ang mga aktibidad sa libangan ng pamilya na matatagpuan sa loob ng isang shopping mall (hal., mga bowling alley, mga mag-isang nakatayong [standalone] rides na pambata, atbp.) ay maaaring pahintulutan na muling magbukas na sumusunod sa mga [Protokol para sa mga Sentro ng Libangan ng Pamilya](#) ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng LA County.

Ang lahat ng nangungupahan ay dapat na sumunod sa mga protokol ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan para sa naaangkop na sektor at sa lahat ng mga naaangkop na batas at regulasyon ng estado at lokal.

Mangyaring tandaan: Maaaring baguhin ang dokumentong ito habang may mga karagdagang impormasyon at mga sanggunian na mapagkukunan (resources) kung kaya't dapat tingnan madalas ang LA County website <http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/> para sa anumang mga pagbabago sa dokumentong ito.

Ang mga karagdagang protokol na may kaugnayan sa mga Operasyon ng Shopping Center ay dapat rin sundin:

- Mga Serbisyo sa Personal na Pangangalaga
- Mga Sinehan
- Mga Gym/Sentro ng Fitness
- Mga Restawran
- Mga Establisyemento ng Tingi (Retail Establishment)
- Mga Bar

Ang listahan na ito ay sumasaklaw sa:

- (1) Mga patakaran at kasanayan sa lugar ng trabaho para protektahan ang kalusugan ng empleyado
- (2) Mga hakbang para masiguro ang pisikal na pagdistansya
- (3) Mga hakbang para masiguro ang pagkontrol ng impeksyon
- (4) Komunikasyon sa mga empleyado at publiko
- (5) Mga hakbang para masiguro ang pantay-pantay na akses sa mga kritikal na serbisyo.

Ang limang pangunahing aspetong ito ay dapat na matugunan habang binubuo ng iyong pasilidad ang anumang mga protokol sa muling pagbubukas.

Ang lahat ng mga negosyo na sakop ng protokol na ito ay dapat na ipatupad ang lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop sa negosyo.

Pangalan ng Negosyo:

Address ng Pasilidad:

Pinakamaraming Okupante,
kada Code ng Gusali
(Building Code):

Tinatayang kabuuan sa
talampakang kuwadrado ng
espasyo na bukas sa publiko:

A. MGA PATAKARAN AT PAGSASANAY SA LUGAR NG TRABAHO PARA MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG EMPLEYADO (ITSEK ANG LAHAT NA NALALAPAT SA PASILIDAD)

- Ang lahat ng tao na kayang gawin mula sa bahay ang kanilang mga tungkulin sa trabaho ay inaatasan na gawin ito.
- Hangga't maaari ang mga mahihinang kawani (mga taong higit sa 65 ang edad, mga taong may malubhang kondisyon sa kalusugan) ay binigyan ng trabaho na maaaring gawin mula sa bahay at dapat na talakayin ang anumang mga pagkabahala sa kanilang tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan (healthcare provider) o mga serbisyo sa katungkulang pangkalusugan (occupational health services) upang makagawa ng mga wastong desisyon sa pagbalik sa lugar ng trabaho.
- Hangga't maaari ang mga proseso sa trabaho ay inirekompigura upang paramihin ang mga oportunidad para sa mga empleyado na makapagtrabaho mula sa bahay.
- Salit-salitan, halinhinan (staggered) o paglilipat (shift) na mga iskedul ay pinasimulan para masagad (maximize) ang pisikal na pagdistansya.
- Ang lahat ng mga empleyado ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung may-sakit, o kung sila ay nalantad sa isang tao na may COVID-19. Naiintindihan ng mga empleyado na sumunod sa patnubay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan para sa sariling pagbubukod at pag-quarantine, kung naaangkop. Ang mga patakaran para sa bakasyon sa trabaho ay sinuri na at binago para masiguro na ang mga empleyado ay hindi parurusahan kapag sila ay nanatili sa bahay dahil sa sakit.
 - Ang mga empleyado ay pinagkakalooban ng impormasyon sa mga benepisyo ng bakasyon (leave) na itinaguyod ng amo (employer) o gobyerno na maaaring makatanggap ang empleyado para makatulong sa pinansyal habang nananatili sa bahay. Tingnan ang karagdagang impormasyon tungkol sa [mga programa](#) ng gobyerno na sumusuporta sa bakasyon dahil sa pagkakasakit at kompensasyon ng manggagawa para sa COVID19, kabilang ang mga karapatan ng empleyado sa mga bakasyon dahil sa pagkakasakit sa ilalim ng [2021 COVID-19 Supplemental Paid Sick Leave Law](#).
- Ang mga pagsusuri sa pasukan (entry screenings) ay isinasagawa bago pumasok sa lugar ng trabaho ang mga empleyado, mga boluntaryo, mga tauhan ng paghahatid (delivery personnel), at mga kontraktor alinsunod sa [gabay sa Pagsusuri sa Pasukan ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan](#). Kasama sa [pagsusuri sa pasukan](#) ay ang pagtatanong (check-in) tungkol sa [lagnat o panggiginaw](#), ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at [bagong pagkawala ng panlasa o pang-amoy](#) at kung ang indibidwal ay kasalukuyan na sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod at pag-quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin ng malayuan (remotely) o personal sa pagdating ng empleyado. Isang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung magagawa.
 - Negatibong Pagsuri (Na-clear). Kung ang tao ay walang (mga) sintomas at walang pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling **10** araw, maaari silang payagang pumasok para sa araw na iyon.
 - Positibong Pagsuri (Hindi Na-clear):
 - Kung ang tao ay hindi ganap na nabakunahan [laban sa COVID-19](#)¹ at nagkaroon ng isang pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling **10** araw o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pag-quarantine, hindi sila maaaring pumasok o magtrabaho sa labas at dapat na pauwiin agad para mag-quarantine sa bahay. Bigyan sila

¹ Ang mga tao ay itinuturing na ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang pangalawang dosis sa isang serye ng 2-dosis (hal., Pfizer-BioNTech o Moderna), o dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang isahang dosis na bakuna (hal., Johnson and Johnson [J&J]/Janssen).

ng mga tagubilin sa pag-quarantine na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidquarantine.

- Kung ang isang tao ay nagpapakita ng anuman sa mga sintomas na nakatala sa itaas o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod, hindi sila maaaring pumasok o magtrabaho sa labas at dapat na pauwiin agad para magbukod sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagbubukod na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidisolation.
- ❑ Sa oras na nalaman na ang isa o higit pang mga empleyado ay positibo o may mga sintomas katulad ng COVID-19 (kaso), ang amo/employer ay may plano o protokol na nakahanda upang ang (mga) kaso ay ibukod ang kanilang mga sarili sa bahay at gawin ang kinakailangan na agarang pagbubukod sa sarili (self-quarantine) ang lahat ng mga empleyado na nagkaroon ng pagkakaralantad sa (mga) kaso sa lugar ng trabaho. Ang plano ng amo/employer ay dapat na isaalang-alang ang isang protokol para sa lahat ng mga nakabukod na empleyado na magkaroon ng akses sa pagsuri para sa COVID-19 upang matukoy kung nagkaroon ng karagdagang mga pagkakaralantad sa lugar ng trabaho, na maaaring kailanganin ng karagdagang mga hakbang sa pagkontrol ng COVID-19. Tingnan ang gabay ng pampublikong kalusugan sa [pagtugon sa COVID-19 sa lugar ng trabaho](#).
- ❑ Sa kaganapan na 3 o higit pang mga kaso ay natukoy sa loob ng lugar ng trabaho sa tagal na 14 na araw, ang employer ay dapat na iulat ang kumpol na ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan sa (888) 397-3993 o (213) 240-7821 o sa online sa www.redcap.link/covidreport. Kung ang isang kumpol ay kinilala sa lugar ng trabaho, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay pasisimulan ang isang pagtugon sa kumpol na kinabibilangan ng pagkaka-loob ng gabay at rekomendasyon sa pagkontrol ng impeksyon, suportang teknikal at partikular sa lugar na mga hakbang sa pagkontrol. Isang tagapamahala sa kaso ng pampublikong kalusugan ay itatalaga sa imbestigasyon ng kumpol upang tulungan ang pagtugon ng pasilidad. Kakailanganin ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ang agarang kooperasyon ng pasilidad upang matukoy kung ang kumpol ng mga kaso ay bumubuo ng isang pagsiklab ng COVID-19.
- ❑ Ang mga empleyado na may pakikisalamuha o kontak sa ibang mga tao ay inaalok, ng walang gagastusin, ng isang [naaangkop na maskara sa mukha](#) na tumatakip sa ilong at bibig. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang webpage ng Maskara sa COVID-19 ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County sa <http://publichealth.lacounty.gov/acd/ncorona2019/masks>. Ang mga Empleyado na inutusan ng kanilang tagapagbigay ng medikal (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang maskara sa mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela (drape) sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang tela na akma (form-fitting) sa ilalim ng baba ay mas mainam kaysa sa mga maskara (mask) na may mga isang paraan ng balbula (one-way valve) ay hindi dapat gamitin. Ang lahat ng mga empleyado ay dapat na magsuot ng mga maskara sa mukha sa lahat ng oras maliban kapag nagtatrabaho mag-isa sa mga pribadong opisina na may saradong pinto at kapag kumakain o umiinom. Ang eksepsyon na ginawa noong nakaraan para sa mga empleyado na nagtatrabaho sa mga kubiko na may solidong partiyon o panghiwalay na lagpas sa taas ng empleyado habang nakatayo ay napawalang halaga hanggang sa karagdagang abiso.
- ❑ Para maiyak na ang mga maskara ay isinusuot ng tuloy-tuloy at tama, pinagbabawalan ang mga empleyado na kumain o uminom maliban sa mga oras ng panandaliang pahinga (pag-break) kapag nagagawa na nilang tanggalin ng ligtas ang kanilang mga mask at pisikal na dumistansya mula sa ibang mga tao. Sa lahat ng oras kapag kumakain o umiinom, dapat na magpanatili ang mga empleyado ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa ibang mga tao. Kapag kumakain o umiinom, kung maaari mas mainam na gawin ito sa labas at malayo sa ibang mga tao. Ang pagkain o pag-inom sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay mas mainam kaysa sa pagkain sa isang silid sa panandaliang pagpapahinga (breakroom) kung ang pagkain sa isang kubiko o puwesto ng trabaho ay nagkakaloob ng higit na distansya mula sa ibang mga tao at mga harang sa pagitan ng mga manggagawa. Ang transmisyon ng COVID-19 ay mas malamang na mangyari kapag magkakasama ang mga empleyado na hindi nagsusuot ng mga maskara sa mukha.
- ❑ Ang pag-okupa ay binawasan at ang espasyo sa pagitan ng mga empleyado ay sinasagad

(maximized) sa anumang silid o lugar na ginamit ng mga empleyado para sa kainan at/o pag-break. Ito ay nakamit na sa pamamagitan ng:

- Pagpapaskil ng pinakamaraming pag-okupa na hindi pabago-bago na may pagpapagana sa hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal sa mga silid o lugar na ginagamit para sa pag-break; at
- Halinhinan sa pagbreak o oras ng pagkain para bawasan ang pag-okupa sa mga silid at pag-break; at
- Paglalagay ng mga mesa na hindi bababa sa walong talampakan ang layo at pagtitiyak ng anim na talampakan sa pagitan ng mga upuan, pagtanggap o pagteteyp ng mga upuan para bawasan ang pag-okupa, paglalagay ng mga marka sa mga sahig para tiyakin ang pagdistansya, at pagsasaayos sa pagkakaupo sa paraan na binabawasan ang harapang kontak. Ang paggamit ng mga partiyon ay hinihikayat para lalong mapigilan ang pagkalat ngunit hindi dapat ituring na isang pamalit para sa pagbawas ng pag-okupa at pagpapanatili ng pisikal na pagdistansya.
- Kung saan posible, ang mga panlabas na lugar sa panandaliang pamamahinga ay nilikha na at nilagyan ng mga lilim at upuan na nagpapanatili sa mga empleyado ng 6 na talampakang pisikal na pagdistansya mula sa ibang mga tao sa lahat ng oras.
- Ang mga empleyado ay inatasan na labahan o palitan raw-araw ang kanilang mga maskara sa mukha.
- Ang lahat ng mga estasyon ng trabaho ay pinaghihiwalay ng hindi bababa sa anim na talampakan.
- Ang mga silid ng panandaliang pamamahinga (break room), mga banyo at iba pang mga lugar na karaniwang may tao ay dinidisimpekta sa dalis na nilarawan sa ibaba ngunit hindi bababa sa isang beses kada araw sa sumusunod na iskedyul:
 - Mga silid ng panandaliang pamamahinga _____
 - Mga banyo _____
 - Iba pa _____
- Bilang pagsunod sa mga regulasyon sa pasuweldo at oras, ang mga pag-break sa trabaho ay halinhinan para masiguro na ang pisikal na pagdistansya na may anim (6) na talampakan sa pagitan ng mga empleyado ay nagpapanatili sa mga silid ng panandaliang pamamahinga sa lahat ng oras.
- Ang mga pandisimpekta at iba pang kaugnay na gamit ay magagamit ng mga empleyado sa sumusunod na (mga) lokasyon:

- Ang hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 ay magagamit ng lahat ng mga empleyado sa sumusunod na (mga) lokasyon:

- Ang mga empleyado ay pinapayagan na magkaroon ng madalas na pagtigil sa trabaho para hugasan ang kamay.
- Ang isang kopya ng protokol na ito ay naipamahagi na sa bawat empleyado.
- Ang bawat manggagawa ay binigyan ng kanilang mga sariling kasangkapan (tools), kagamitan at tukoy na espasyo ng trabaho. Hangga't maari, ang pagsasalo-salo sa mga nahahawakang gamit (hal., mga telepono, tablet, laptop, mesa, panulat, atbp.) ay binawasan na o tinanggal na.
- Ang lahat ng mga patakaran na nakasaad sa listahan na ito maliban sa mga may kaugnayan sa mga tuntunin ng trabaho ay ipinatutupad sa kawani na naghahatid (delivery staff) at iba pang mga kumpanya na maaaring nasa mga nasasakupang lugar bilang mga ikatlong partido (third parties).

- Opsyonal — Isalarawan ang iba pang mga hakbang:
-

B. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PISIKAL NA PAGDISTANSYA

- Ang mga panuntunan sa pinakamaraming pag-okupa para sa mga shopping center (panloob at panlabas) at para sa mga negosyo ng tingi na bahagi ng shopping center ay hindi maaaring humigit sa 75% pinakamaraming pag-okupa, hangga't ang anim (6) na talampakan na pisikal na pagdistansya sa pagitan ng mga kostumer at empleyado ay palaging napapanatili. Kung saan magagawa, ang paradahan ay limitado para mas lalong maipatupad ang mga limitasyon sa pinakamaraming pag-okupa.
- Ang mga umuupa na may pasukan mula sa labas na karaniwan ay nagakses ng publiko galing sa labas na bahagi ng mall o shopping center ay maaaring ituloy ang kanilang kasalukuyang binagong operasyon na sumusunod sa naaangkop na mga protokol ng kagawaran ng Pampublikong Kalusugan na 75% pinakamaraming pag-okupa. Ang mga walang bubong (open-air) na shopping center, tulad ng mga swap meet, ay magtitiyak na ang mga espasyong mesa, mga kulando (canopy), at iba pang mga display ng mga tindero ay naaayon sa mga naaangkop na kinakailangan sa pisikal na pagdistansya o tiyakin na ang iba pang hindi tinataguriang mga harang ay naisaayos.
- o Ang pinakamaraming bilang ng mga kostumer sa pasilidad ay limitado sa: _____
- Ang shopping center ay dapat na metruhan ng malapit at tuloy-tuloy ang lahat ng mga pagpasok at paglabas ng mga kostumer upang masubayban ang pag-okupa at tiyakin ang pagsunod sa mga limitasyon sa kapasidad sa panloob. Ang mga magtitiyak (retailers) na hindi sapat na nagmemetro o hindi nagmemetro o tila sobra sa kapasidad, sa nabuting pagpapasya ng inspektor ng pampublikong kalusugan, ay maaaring pansamantalang isama hanggang ang mga isyung ito ay naitama tulad ng tinukoy ng inspektor ng pampublikong kalusugan sa mismong lugar (on-site). Saanman maaari, magkaloob ng isang solo, malinaw na dinisenyong pasukan at mga hiwalay na paglabas para tumulong panatilihin ang pisikal na pagdistansya.
- Maging handa na papilahin ang mga kostumer sa labas habang pinapanatili pa rin ang pisikal na pagdistansya, kabilang ang paggamit ng mga nakikitang tanda. Kung kinakailangan, isang empleyado (o mga empleyado kung may isa lang na pasukan) na may suot na isang naaangkop na maskara sa mukha ay maaaring nakabantay malapit sa pintuan ngunit hindi bababa sa 6 na talampakan mula sa mga pinakamalapit na kostumer para subaybayan ang pag-okupa at para direktahan ang mga kostumer na pumila ng 6 na talampakan ang layo sa labas ng pasukan kung ang establisyemento o shopping center ay naabot na ang kanilang limitasyon sa pag-okupa.
- Kung naaangkop, ang mga kawaning pangseguridad na nasa ari-arian (on-property security staff) ay aktibong pinapalalanan at hinihikayat ang mga kostumer at publiko na sumunod sa mga pamantayan ng pisikal na pagdistansya at paalalanan ang mga tagapagtanggil at mga bisita na ang pagkain at pagkainom sa mismong lugar ay hindi pinahihintulutan maliban sa isang itinalagang panlabas na lugar ng kainan.
- Ang mga hakbang para masiguro ang pisikal na pagdistansya na hindi bababa sa anim (6) na talampakan ay naipatupad na para masiguro na ang pisikal na pagdistansya sa pagitan at sa piling ng mga manggagawa at kostumer sa lahat ng mga lokasyon ng shopping center. Maaaring kasama rito ang paggamit ng pisikal na panghiwalay o mga nakikitang palatandaan (hal., mga marka sa sahig, de-kulay na teyp, o mga sign/palatandaan na nagpapahiwatig kung saan dapat tumayo ang mga manggagawa at kostumer).
- Magbuo at magpatupad ng mga kontroladong estratehiya sa pangangasiwa sa mga taong naglalakad at umpukan ng mga tao (crowd) na nagpapagana ng hindi bababa sa anim (6) na talampakang pisikal na pagdistansya sa pagitan ng mga kostumer. Maaaring isama rito ang pag-aatas na ang mga taong

naglalakad ay maging sa isang direksyon lamang at paggabay sa mga kostumer gamit ang mga nakikitang hudyat (visual cues), pisikal na props, at karatula.

- Magkaloob ng mga malilinaw na itinalagang pasukan at mga hiwalay na labasan, kung magagawa at angkop para sa espasyo, para tumulong na magpanatili ng pisikal na pagdistansya at sumuporta sa pagkontrol ng mga crowd. Hangga't maaari, ang mga pintuan ay dapat na iwanang nakabukas kung hindi awtomatikong bumubukas o nagsasara ang mga ito. Makipagtulungan sa mga umuupa para lumikha ng mga sistema ng pila para sa mga kostumer na nasa labas ng mga indibidwal na tindahan habang pinapanatili pa rin ang pisikal na pagdistansya, kung kinakailangan.
- Ang mga operator ng shopping center, mga tingi na umuupa, at mga nagtitinda ay dapat na makipagtulungan para bumuo ng mga sistema ng pila sa pagpasok sa tindahan na hindi nakagagambala sa mga taong naglalakad o lumalabag sa mga kinakailangan sa pisikal na pagdistansya. Isaalang-alang at hikayatin ang alternatibong pasukan sa mga pasilidad ng mga tingi na umuupa, kabilang ang mga digital na reserbasyon para sa mga gabay sa pagpasok at paunang pag-order (pre-order).
- Ang mga kariton o kyosko ng mga nagtitinda (vendor cart or kiosk) ay dapat na pahintulutan lamang para gumana sa mga pasilyo ng shopping center o mga lugar ng lakaran kung hindi sila nakakahadlang sa mga binagong hakbang para sa mga taong naglalakad (foot traffic) na nakapigil sa mga kinakailangan sa pisikal na pagdistansya. Irekumpigura ang mga kariton o kyosko ng mga nagtitinda, saanman kinakailangan, para tiyakin na ang pila ay hindi humahadlang sa mga kinakailangan sa pisikal na pagdistansya.
- Ang mga walang bubong na shopping center, tulad ng mga swap meet, ay dapat na siguruhin na ang mga espasyong mesa, mga tolda (tent), at iba pang mga display ng mga nagtitinda ay naaayon sa mga angkop na kinakailangan sa pisikal na pagdistansya o tiyakin na ang iba pang mga hindi tinatagusang harang ay naisaayos.
- Ang mga operator ng shopping center, mga tingi na umuupa at mga nagtitinda ay dapat magtulungan upang makagawa ng isang operasyon ng shopping center na nakapagpapagana sa mga umuupa na makapag bukas ng ligtas sa loob at labas ng pamilihan at para masiguro ang pagsunod sa lahat ng mga naaangkop na protokol ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan at sa lahat ng mga batas at regulasyon ng estado at lokal.
- Ang mga karaniwang lugar na matatagpuan sa loob ng panloob na mall o shopping center ay maaari nang muling magbukas sa isang hinawasang kapasidad na sapat na mapahintulutan ang hindi bababa sa anim na talampakang distansya sa pagitan ng mga hindi miyembro ng sambahayan.
- Ang panloob na live na paglilibang ay hindi pinahihintulutan. Ang panlabas na live na paglilibang ay dapat na sundin ang Protokol para sa mga Restawran o ang Protokol para sa mga Panlabas na Nakaupong Live na Kaganapan, Appendix Z, alinman ang pinaka-naaangkop.
- Ang lahat ng pansamantala o naiigagalaw na mesa at upuan na matatagpuan sa loob ng shopping center ay dapat na tanggalin mula sa mga naaakses na lugar ng publiko o isara sa publiko. Dapat na paalalahanan ang publiko/mga bisita na walang kainan o pag-inom ang papayagan sa lugar ng shopping center maliban sa itinalagang mga panlabas na lugar ng kainan.
- Ang mga iniutos sa pisikal na pagdistansya ay ipinatutupad sa mga lugar ng pagkakarga (loading bays) at ang mga walang kontak na pagpirma ay ipinatutupad na para sa mga pagdedeliber.

C. MGA HAKBANG PARA SA PAGKONTROL NG IMPEKSYON

- Ang HVAC system ay nasa mabuti, gumaganang ayos; hanggang sa maaaring pinakamalayong saklaw, ang bentilasyon ay nadagdagan. Ang epektibong bentilasyon ay isa sa mga pinakamahalagang paraan para kontrolin ang maliit na transmisyong aerosol. Hangga't maaari isaalang-alang ang pagkakabit ng napakahusay (portable high-efficiency) na mga naglilinis ng hangin, pag-upgrade sa mga uri ng filter ng hangin ng gusali sa pinakamahusay (highest efficiency), at ang paggawa ng iba pang mga

pagpapabago para madagdagan ang hangin mula sa labas at bentilasyon sa mga opisina at iba pang mga espasyo. Tingnan ang [Pansamantalang Patnubay para sa Bentilasyon, Pagsasala at Kalidad ng Hangin sa mga Panloob na Kapaligiran](#) ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California (California Department of Public Health) para sa detalyadong impormasyon. Mangyaring Tandaan: Ang bentilasyon at iba pang panloob na mga pagpapabuti sa kalidad ng hangin (air quality) ay isang karagdagan sa, at hindi pamalit para sa, mga inuutos na proteksyon kabilang ang pagsusuot ng mga maskara sa mukha (maliban sa mga tiyak na kapaligiran na may mataas na panganib na nangangailangan ng paggamit ng wastong proteksyon sa palahingahan), pagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya sa pagitan ng mga tao, madalas na paghuhugas ng mga kamay, at paglilimita sa mga aktibidad na pinagsasama-sama ang mga tao na mula sa magkakaibang sambahayan.

- Ang mga kostumer na dumarating sa establisyemento ay pinaaalalahanan na magsuot ng maskara sa mukha sa lahat ng oras habang nasa shopping center o sa nasasakupang lupa ng shopping center, maliban habang kumakain/umiinom sa isang itinalagang lugar ng kainan. Ito ay balalapat sa lahat ng mga matatanda at sa mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga indibidwal na inutusan ng kanilang medikal na tagapagbigay na hindi sila dapat magsuot ng isang maskara sa mukha ay dapat na magsuot ng panangga sa mukha na may tela sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't ang kanilang kondisyon ay pinahihintulutan ito. Isang tela na akma sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara na may mga isang daanan ng balbula ay hindi dapat gamitin. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong mga empleyado at iba pang mga bisita, ang isang maskara sa mukha ay dapat na may magagamit ang mga bisita na dumarating na wala nito.
- Ang mga pagsusuri sa sintomas ay isinasagawa bago ang mga bisita ay maaaring makapasok sa pasilidad. Ang mga pagsusuri ay dapat na kabilangan ng pagtatanong (check-in) tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga, lagnat o panggiginaw at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod at pag-quarantine. Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin ng personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in o sa pamamagitan ng [kapatula](#) na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga sintomas na ito ay hindi dapat pumasok sa lugar.
 - o Negatibong Pagsuri (Na-clear). Kung ang tao ay walang (mga) sintomas at walang pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw, maaari silang payagang pumasok para sa araw na iyon.
 - o Positibong Pagsuri (Hindi Na-clear):
 - Kung ang tao ay nagkaroon ng isang pakikisalamuha/kontak sa isang kilalang kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pag-quarantine, hindi sila maaaring pumasok at dapat na pauwiin agad para mag-quarantine sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pag-quarantine na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidquarantine.
 - Kung ang isang tao ay nagpapakita ng anumang mga sintomas na nakatala sa itaas o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod, hindi sila maaaring pumasok at dapat na pauwiin agad para magbukod sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagbubukod na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidisolation.
- Ang mga kostumer na dumarating sa establisyemento na may mga batang kasama ay dapat na siguruhin na ang kanilang mga anak ay nasa tabi ng magulang, umiiwas sa paghawak sa sinumang tao o anumang bagay na hindi nila pag-aari, at naka-maskara kung tama na ang edad.
- Ang mga sistema sa pagbabayad na walang kontak ay naisaayos na, kung hindi ito maaari, ang mga sistema sa pagbabayad ay lubos na sina-sanitize **nang hindi bababa sa isang beses kada araw**. Ilarawan:
 - Ang mga lugar na karaniwang may tao at mga lugar na may maraming tao, at madalas na mga nahahawakang bagay (hal., mga handrail, kontrol ng elebeytor, hawakan ng pintuan, pambasa ng credit card, mga pindutan ng elebeytor, mga handrail ng eskaleytor, atbp.) ay dinidisimpeka **nang hindi bababa**

sa isang beses kada araw habang oras ng trabaho gamit ang mga pandisimpekta na aprubado ng EPA at sumusunod sa mga instruksyon ng tagagawa para sa paggamit.

- Ang mga espasyo ng trabaho at ang kabuuang pasilidad ay nililinis nang isang beses man lamang araw-araw, na ang mga banyo at madalas na mga nahahawakang lugar/bagay ay nililinis nang mas madalas kung natukoy na kailangan. Ang mga oras ng shopping center ay binago na para magkaloob ng sapat na oras sa regular na puspusang paglilinis at paglalagay ng produkto.
- Ang mga pampublikong banyo ay regular na tinitingnan at dinidisimpekta nang hindi bababa sa isang beses kada araw o mas madalas kung natukoy na kailangan dahil sa madalas na paggamit gamit ang mga pandisimpekta na aprubado ng EPA at sumusunod sa mga instruksyon ng tagagawa para sa paggamit.
- Ang mga pampublikong inuming tubig bukal o water fountains ay isinara at may mga palatandaan na nagbibigay-alam sa mga kostumer na ang mga ito ay hindi magagamit.
- Ang mga banyo para sa empleyado ay hindi pwedeng gamitin ng kostumer.
- Ang mga kostumer ay mayroong akses sa wastong mga produkto sa sanitasyon, kabilang ang hand sanitizer, mga tisyu at basurahan.
- Ang mga lugar ng kainan at pag-upo ng isang panloob na food court na nasa loob ng mall o shopping center ay maaaring buksan sa 50% pinakamaraming pag-okupa balay sa naaangkop na Pag-okupa sa Gusali o Code ng Apoy (Building o Fire Code). Ang lahat ng panloob at panlabas na mga lugar ng kainan ay dapat na sumunod sa mga Protokol ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County para sa mga Restawran: Appendix I, kabilang ang pagkakaayos ng pagkakaupo para sa panloob at panlabas na kainan. Ang publiko ay hindi maaaring komunsumo ng pagkain o inumin habang nasa lugar ng mall o shopping center maliban sa itinalagang panlabas na lugar ng kainan.
- Opsyonal — Isalarawan ang iba pang mga nakabang (hal. nagkaloob ng mga oras na para sa mga nakakatanda o senior lamang, naghihikayat ng online na pag-oorder/pagkuha ng mga order, pagbibigay insentibo sa mga panahong matumal):

D. MGA HAKBANG SA KOMUNIKASYON SA PUBLIKO

- Ang isang kopya ng protokol na ito, o kung naaangkop, ang nailimbag na Sertipiko ng Pagsunod sa COVID-19 (COVID-19 Safety Compliance Certificate) ng LA County na nasa pasilidad ay nakapaskil sa lahat ng mga pampublikong pasukan sa pasilidad. Para sa higit pang impormasyon o para kumpletuhin ang programa sa pagpapatunay ng sarili (self-certification) para sa pagsunod sa kaligtasan sa COVID-19, bisitahin ang <http://publichealth.lacounty.gov/eh/covid19cert.htm>. Ang mga pasilidad ay dapat na magtabi ng isang kopya ng mga Protokol sa mismong lugar sa pasilidad para sa pagsisiyasat, sa oras na hilingin.
- May karatula sa mga shopping mall, mga swap meet at iba pang mga outlet na pinaaalalahanan ang mga kostumer tungkol sa kahalagahan ng pisikal na pagdistansya na anim (6) na talampakan, ang pangangailangan na magsuot ng isang maskara sa mukha sa lahat ng oras, ang kahalagahan ng palagiang paghugas ng mga kamay at pangangailangan na manatili sa bahay kung nakakaramdam ng sakit o may sintomas ng COVID-19. Tingnan ang [webpage sa Patnubay sa COVID-19 ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng County](#) para sa mga karagdagang mapagkukunan at mga halimbawa ng karatula na maaaring gamitin ng mga negosyo.
- May karatula sa buong shopping center na pinaaalalahanan ang mga kostumer na walang kainan o inuman sa loob ng panloob na shopping center maliban sa itinalagang panloob na lugar ng kainan na nasa food court at sa alinmang mga panlabas na lugar ng kainan.
- May karatula sa buong shopping center na nagpapahiwatig sa mga kostumer kung saan makikita ang pinakamalapit na dispenser ng hand sanitizer.
- Ang mga online outlet ng establisyemento (website, sosyal [social] media, atbp.) ay nagbibigay ng

malinaw na impormasyon tungkol sa mga oras ng tindahan, ang kailangang paggamit ng mga maskara sa mukha, limitadong pag-ookupa, mga patakaran tungkol sa pre-ordering, paunang bayad (pre-payment), pagkuha at/o pagdedeliber at iba pang may kaugnayang mga isyu.

E. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG PANTAY-PANTAY NA AKSES SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- Dedikadong mga oras ng pamimili para sa mga mahihinang populasyon, kabilang ang mga nakakatanda at mga taong may kapansan sa medikal na naitaguyod, kung naaangkop, mas mainam sa oras pagkatapos ng kumpletong paglilinis.
- Ang mga serbisyo na kritikal sa mga kostumer ay binigyang prayoridad.
- Ang mga transaksyon o serbisyo na maaaring i-aalok ng remotely ay inilipat sa online.
- Pinasimulan ang mga hakbang para masigurado ang akses sa mga pangangailangan at serbisyo para sa mga kostumer na may mga limitasyon sa pagkilos at/o nasa mataas na panganib kung nasa pampublikong lugar.

Ang anumang mga karagdagang hakbang na hindi nabanggit sa itaas ay dapat na ilista sa mga hiwalay na pahina, na dapat ilakip ng negosyo sa dokumentong ito.

Maaari kayong makipag-ugnayan sa sumusunod na tao para sa anumang mga katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:

Pangalan ng
Kontak ng
Negosyo:

Petsa na Huling
Nirebisa:

Numero ng
telepono:

Retirado - Walang Epekto